7th Story

# Pinahinahon ang bagyo

Calming the Storm

KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr

# Pinahinahon ang bagyo

– 7th Story –




| | |
|---|---|
| Albatross | Kamusta! Ang Pangalan ko ay Albatross. In short, Al! May-roon akong ikukwento sa inyo. Kamakailan lang ay Lumipad ako gaya ng dati ng makakita ako ng grupo ng kalalakihan na papasakay sa isang Bangka. Wala namang kawili wili, maraming pagkakataon na nangingisda ang mga kalalaki-han doon, ngunit sa pagkakataong ito ay higit pa sa isang ordinaryong paglalakbay-dagat. |
| Pedro | Tara mga kaibigan! Pumunta tayo sa dagat! Sinong may gustong mangisda? |
| James | Hmm! Magandang ideya yan! |
| John | Sumasang-ayon ako. |
| Disciples | Tara na! |
| Pedro | Guro, Manguna po kayo sa amin. |
| Al | Paglabas nila, sumama ang panahon. Talagang malakas ang bagyo. Ni hindi ako makalipad ng maayos, kinailangan kong lumapag at antayin na humupa ang panahon. Hindi ko inaa-sahan ang nangyari dahil maaliwalas ang araw kani-kanina lamang nang biglang bumagyo ng malakas! |
| Disciples | Ahhhhhh! Mamamatay na tayo! |
| Judas Iscariot | ahhh!!! Patay na tayo! Ay hindi! Hindi buhay tayo! Pero mamamatay na tayo. |
| Andrew | Tatawagin ko si Hesus! Baka makatulong Siya! |
| Thomas | Hindi siya mangingisda! |
| Andrew | Tatawagin ko parin Siya! |
| Thomas | Sasama ako! |
| Andrew | Hesus! Hesus! Iligtas mo kami! Malulunod na kami! |
| Jesus | Ha? Ano? Anong nangyayari? |
| Andrew | May malakas na bagyo ngayon. Hindi ninyo ba ito naririnig? |
| Thomas | Hindi mo po ba ito nararamdaman? |
| Jesus | <Sigh> Ay, bakit ba kayo natatakot? Ang inyong pananam-palataya ay napakaliit |
| Andrew, Thomas | Huh? |
| Jesus | Halikayo. |
| Disciples | AAAAAAAAHHHHHHHHHH!!!! |
| Judas Iscariot | Mamamatay na tayo! |




| | |
|---|---|
| Hesus | Magtigil! Huminahon kayo! Wala sa kalooban ko ang pumatay. Makinig ka sa akin hangin, Pakinggan mo ako dagat, Tumigil kayo! |
| Al | At sa utos na iyon, huminto ang bagyo. Seryoso ako! Ang lalaking ito -. Kinausap niya ang panahon, at talagang nakikinig sa kanya ang mga ito! |
| James | Nangyari-----? |



| | |
|---|---|
| Philip | Uh... |
| Bartholomew | Pa..Paano---? |
| Simon Peter | Sinasabi ko na nga ba. |
| Thomas | Ikaw··· .Nagsalita ka lang sa dagat. Ang dagat./···.. Ikaw------ |
| Hesus | Kung hindi ninyo mamasamain, ako ay babalik na sa aking pagkakatulog. |
| John | Ah paumanhin Guro at naistorbo ka namin |
| James | Anong klasing tao ito? Kahit ang hangin at dagat ay nakakausap niya?! At sumusunod sakanya?! |
| Philip | Tama, Ibig kong sabihin, kinakausap ko rin ang mga bagay noon ngunit hindi ito sumusunod sa akin. Sino ba si Hesus? |
| Bartholomew | Ito ay isang kahanga-hanga! |
| Al | Sinasabi ko sa inyo na ang nakita ko ay kamangha-mangha! kahit kailan,iIto ay pambihira! Kaya napagpasyahan kong sundin ang taong ito. Hindi ko alam kung sino ba siya, ngunit alam ko ang nakita ko, at espesyal ang taong ito. Matapos silang mangisda ng matagal sawakas ay nakarating na rin sila sa kabilang ibayo ng dagat. |



| | |
|---|---|
| Al | Sa sandaling makarating kami doon, biglang may dalawang lalaking galling sa sementeryo ang nasasaniban ng demonyo. |
| Demon-possessed guys | Aaaaaarrrggghhhh! |
| Disciples | Aahhhhhhhh!!! |
| Hesus | Pwede ba? huwag kayong matakot sa lahat ng oras. |
| Peter | Uh··· tama··· Patawad Guro |
| DP 1 | Ano ang kailangan mo sa amin Anak ng Diyos?! |
| DP 2 | Nandito ka ba upang pahirapan kami ng hindi pa napapanahon?! |
| John | Guro, ano ang kanilang pinag-uusapan? |
| Hesus | Kailangan ninyong iwan ang lalaking ito. Ngayon din! |
| DP 1 | Kung kami ay iyong palalayasin hayaan mong kami sumanib sa mga baboy na iyon. |
| Hesus | Oh, sige. |



| | |
|---|---|
| AI | Narinig ko ang buong pangyayari. And dalawang lalaking ito ay nakikipag-usap kay Hesus na para bang baliw. Tinawag nilang anak ng Diyos! Kahit kailan, hindi ko pa narinig ang bagay na ito. Nang sabihin niya sa kanila na "Sige, pumunta kayo." Ang dalawang baliw na lalaki ay naging kalmado, at isang kawan na mga baboy ang pababa sa pangpang at sila ay nalunod. Ang ibig kong sabibin, ano!! Ito ay talagang ka-mangha-mangha. Si Hesus ay kakaiba sa mga nakita ko. Ibang iba talaga |
| Hesus | Kumusta ang inyong pakiramdam? |
| DP 1 | Hindi ko alam kung paano ako magpapasalamat sa Iyo Panginoon! Salamat! |
| DP 2 | Salamat! Salamat! |

"Namangha silang lahat at sinabi" Sino ang taong ito? Kahit ang hangin at dagat ay sumusunod sakanya? Matther 8:27